

Tumanggap ng parangal ang ating makisig at masipag na Pangalawang Punong Lalawigan Daniel R. Fernando kamakailan kaugnay ng ginanap na *UE Caloocan Alumni Homecoming* noong Pebrero 21, 2014 sa Multi-Purpose Hall 3, Dr. Lucio Tan Building, UE Caloocan Campus.

Pinagkalooban siya ng *"Distinguished Alumni Achievement Award"* ng University of the East Caloocan Alumni Association, Inc., ang asosasyon ng mga nagsipagtapos sa University of the East-Caloocan Campus, bilang pagkilala sa kanyang mga hindi matatawaran at mapapantayang nagawa at naipagkaloob na serbisyo bilang isang lingkod-bayan sa ating mga kababayan na nagbigay karangalan sa kanilang Inang Paaralan (alma mater).

Ang naturang Alumni Homecoming ay

## VICE-GOVERNOR FERNANDO OUTSTANDING ALUMNUS NG UE-CALOOCAN



bahagi ng pagdiriwang ng "Linggo ng Pamantasan (UE Caloocan Week 2014)" na ginanap noong Pebrero 17 - 21, 2014, na may temang "A Salute to the Warriors for Unequaled Excellence in Education and Community Service!"

Si Vice-Governor Daniel Fernando ay kumuha at nagtapos ng kursong Bachelor of Science in Business Administration, Major in Management, sa University of the East-Caloocan.

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ay nagdaos ng isang payak na Luksang Parangal para sa yumaong dating kagawad ng Sangguniang Panlalawigan, Bokal Ernesto Mendoza, noong Pebrero 7, 2014 sa Bulwagang Senador Benigno S. Aquino na dinaluhan ng mga pinuno at kawani ng iba't ibang tanggapan, gayundin ng mga mahal sa buhay,

## Luksang Parangal sa Dating Bokal Idinaos sa Kapitolyo



kaanak at malalapit na kaibigan ng yumaong kagawad. Pinangunahan ng Punong Lalawigan Kgg. Wilhelmino M. Sy-Alvarado at Pangalawang Punong Lalawigan Kgg. Daniel R. Fernando ang mga pinuno ng lalawigan na nagpahayag ng pagkilala at pag-alaala sa magagandang nagawa ng yumaong mambabatas noong panahon ng kanyang panunungkulan.

## BULACAN DEVELOPMENT AUTHORITY ITINATAG

Sa bisa ng **Panlalawigang Kautusan Blg. 08-2014** na pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan noong Ika-14 ng Enero 2014, sa pagtataguyod ni Bokal Felix V. Ople, tangapangulo ng Legislative Backstopping Committee, nilikha ang Bulacan Development Authority (BDA) sa lalawigan na may pangunahing tungkulin na magsulong ng mga programang pang-industriyalisasyon at sa pagpapaunlad sa lalawigan sa layuning gawing behikulo ng kaunlarang pangkabuhayan ang lalawigan, makapagtatag ng mga industriya at makalikha ng mga hanapbuhay at oportunidad sa pagnenegosyo upang maipalaganap ang kapakinabangang ibubunga ng paglago ng ekonomya at kagalingan ng mamamayan ng lalawigan ng Bulacan.

Pinaniniwalaan bilang kinakailangang instrumento tungo sa pagtatagumpay ng mga programa at proyektong pangkaunlaran sa lalawigan, kung saan pangunahin dito ang "One Bulacan Pride" (Program for Rapid Industrialization and Development) na umaayon sa mga programa at proyekto ng pamahalaang nasyonal sa pagtatamo ng isang mabilis, tuluy-tuloy at malawakang kaunlarang pang-ekonomya para sa bansa, ilan sa mga pangunahing layunin at adhikain ng BDA ay ang mga sumusunod:

1. Maisulong ang mga programang pang-industriyalisasyon at kaunlaran sa lalawigan upang makatulong sa pambansang adhikaing matamo

ang mabilis, tuluy-tuloy at malawakang paglagong pang-ekonomya;

2. Mapaunlad at maisakatuparan ang binalangkas na plano at iba pang planong kinakailangan tungo sa pangkabuhayang kaunlaran ng lalawigan upang ito ay maging behikulo ng kaunlaran sa bansa;

3. Magsilbing tagapangasiwa, tagapag-ingat at kamay sa pamumuhunan ng lalawigan upang makapagsakatuparan ng mga proyektong nakatuon sa industriyalisasyon at kaunlaran ng lalawigan;

4. Mahikayat ang partisipasyon ng ibang lokal na pamahalaan sa lalawigan at ng pribadong sektor

⇒ P. 3

## BAGONG SCHEDULE OF FAIR MARKET VALUES SINUSPINDE SA LALAWIGAN

Bilang tugon sa hinaing at kahilingan ng ating mga kalalawigang nabibigatan sa pagbabayad ng buwis, pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan noong ika-4 ng Marso 2014 ang **Panlalawigang Kapasiyahan Blg. 087-T'14** na pansamantalang nagsususpende o nagpapatigil sa pagpapatupad ng bagong Schedule of Fair Market Values para sa 2014 General Revision of Real Property Assessment, na nangangahulugang hindi muna gagamitin ang bagong rate bilang basehan sa pagtatasa kung magkano ang babayaran ng buwis ng mga mamamayan para sa kanilang mga ari-arian hindi

natitinag, at sa halip ay yaon munang dating rate ang gagamitin.

Ang naturang batas, na napagtibay sa pagtataguyod ni Bokal Enrique Dela Cruz, Jr., tagapangulo ng Lupon sa Pamamaraan at Pagkukunan, ay nag-aatas sa mga Panlalawigan/Pambayan/Panlungsod na Ingat-yaman at Panlalawigan/Pambayan/Panlungsod na Tagatasa sa lalawigan na pansamantalang ipagpaliban ang pagpapatupad ng bagong Schedule of Fair Market Values upang matulungan ang ating mga mamamayan at

mabigyan sila ng pagkakataong makapagbayad ng mas mababang buwis.

Isang malaking sakripisyo para sa ating Pamahalaang Panlalawigan ang pagpapatupad ng batas na ito sapagkat ang inaasahang malilikom na karagdang koleksiyon ng buwis sa taong ito na humigit kumulang 484 milyong piso, sang-ayon sa tasa noon pang 2011, ay hindi na masisingil. Subalit dahil sa kagustuhang dinggin ang mga hinaing ng ating mga kababayan na sumulat pa sa Punong Lalawigan Wilhelmino

⇒ P. 4

# First Quarter Accomplishment

(JANUARY – MARCH 2014)

Mula Enero hanggang Marso ng taong 2014, nakapagsagawa ang Sangguniang Panlalawigan ng siyam (9) na sesyon at nakapagpatibay ng kabuuang isandaan at labingsiyam (119) na kapasiyahan, kabilang ang isang (1) panlalawigang kautusan at isang (1) panlalawigan kautusan sa paglalaan. Kabilang din sa mga napagtibay ang pagpapatibay sa 6 na Memorandum of Agreement (MOA), 8 akreditasyon ng mga people organizations (POs) at non-government organizations (NGOs), 3 Contract of Accreditations at 2 Deeds of Donations.

Narito ang tala ng mga naisakatuparan ng Sangguniang Panlalawigan sa Unang Tremestre (first quarter) ng taon:

## I. PLENARY AFFAIRS:

### 1. Number of Sessions Conducted:

Regular Session	9
Special Session	-
Total	9

### 2. Number of Resolutions & Ordinances Enacted:

1. Provincial Resolutions	35
2. Provincial Ordinances	1
3. Provincial Appropriations Ordinances	1
4. Reviewed Municipal/City Resolutions	20
5. Reviewed Municipal/City Ordinances	62
	119

## II. COMMITTEE AFFAIRS:

Committee Meetings Conducted	97
Public Hearings Conducted	19
	116

## III. OTHER ACTIVITIES UNDERTAKEN:

1. Broadcast of radio program "SP Files" at Radyo Bulacan radio station every Wednesday, 10:00 – 11:00 AM
2. Publication and distribution of "Legislative Digest", the quarterly computer-generated newsletter

of the Sangguniang Panlalawigan

3. Updating and maintenance of the SP website.

4. Maintenance of the SP Legislative Library and Archives

### ⇒ *Bulacan Development Authority...*

tungo sa kaunlarang pang-ekonomya sa buong lalawigan sa pamamagitan ng mga proyektong may pagtutulungan;

5. Maitukoy at mabigyan ng prayoridad ang mga proyektong tuwirang magsusulong sa lalawigan bilang behikulo ng kaunlaran at matamo ang isang balanse, tuluy-tuloy at malawakang kaunlaran at matiyak ang tagumpay at praktikalidad ng mga ito;

6. Makabuo at makapagpatupad ng mga istratohiyang may kinalaman sa pananalapi upang maiwasan ang laging pagsandig sa mga pondong nanggaling sa pamahalaang nasyonal at lokal;

7. Magkaroon ng mga pamumuhunang magmumula sa pribadong sektor sa pamamagitan ng pagtutulungan na nakatuon sa mga proyektong pangnegosyo;

8. Pag-ugnayin ang mga pagsisikap at naiambag ng pamahalaang nasyonal at lokal at mga pribadong sektor upang matiyak ang tagumpay at matamo ang pinakamataas na antas ng kapakinabangan mula sa mga inisyatibong pangkaunlaran; at

9. Maitatag ang ibang organisasyon upang mapadali ang implementasyon at pamamahala ng mga programa, kasama na ang mga pamumuhunang may pakikipagtutulungan ng mga nasa pribadong sektor kung kinakailangan.

Ang **LEGISLATIVE DIGEST** ay inilalathala ng Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Panlalawigan apat na beses sa isang taon. Para sa komento, puna, suhestiyon o katanungan, makipag-ugnayan sa naturang tanggapan.

Telepono Blg. – (044) 791-8168

Website – <http://sp.bulacan.gov.ph>

⇒ *Luksang Parangal...*

Nagbigay din ng kanilang mga mensahe ang ilang dating pinuno ng lalawigan na sina dating Punong Lalawigan Obet Pagdanganan, dating kinatawan at Bokal ng Ikaapat na Distrito Reyлина Nicolas, dating Bokal Jose Lava ng Unang Distrito, Fr. Alfred Suatengco at iba pa.

Gayundin, binasa ni Bokal Ramon Posadas, na nakasama rin ng yumao sa paglilingkod bilang kagawad ng Ikalawang Distrito, ang nilalaman ng Panlalawigang Kapasiyahan Blg. 053-T'14 na naggagawad ng pagkilala at pagpaparangal sa yumaong kagawad na pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan. Nagdaos din ng banal na misa bilang panimulang bahagi ng Luksang Parangal.

Si Bokal Erning ay nanungkulan bilang kagawad ng Sangguniang Panlalawigan noong mga taong 1986-1992 at 1995-2004. Siya ay yumao sa edad na 85.

⇒ *Bagong Schedule ng Fair Market Values...*

M. Sy-Alvarado, ay ipinasiya pa rin ng Sangguniang Panlalawigan na pansamantala munang ipagpaliban ang pagpapatupad ng bagong Schedule of Fair Market Values bilang pagpapahalaga sa kagalingan ng ating mga kababayan na nagbabayad ng buwis na pinanggagalingan ng panggastos ng pamahalaan sa lahat nitong mga programa at proyektong pampamayanan.

**##SANGGUNIANG PANLALAWIGAN IN PHOTOS##**



**CONGRATULATIONS!!!**

**COUNCILOR ARIEL S. ARCEO of Guiguinto – for being elected as National Director of the National Movement of Young Legislators (NMYL)**

**COUNCILOR ARNOLD L MENDOZA of Paombong – for being elected as Island Luzon Treasurer of the Philippine Councilors League (PCL)**

**MAKING AT MAKISANGKOT!**

sa Radio Program ng Sangguniang Panlalawigan na:

**“SP Files”**

Mapapakinggan tuwing araw ng MIYERKULES, ika-10:00-11:00 ng umaga sa himpilan ng Radyo Bulacan, 95.9fm sa talapihitan ng inyong mga radyo.

Hosted by Sec. Ma. Perpetua “Ua” R. Santos, Mr. Renato Francisco & Mr. Anthony Amizona.